Mga Benepisyong Transportasyon: Pagpunta sa Iyong Mga Medikal na Appointment



Alam mo ba na maaari kang makakuha ng transportasyon para sa iyong mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal?

Mayroong 4 na uri ng serbisyong transportasyon na maaari mong makuha bilang isang miyembro ng Partnership HealthPlan of California (PHC):

Mga Serbisyong Transportasyon na Pang-emergency

Sinasaklaw namin ang mga serbisyo ng ambulansya. Kung kailangan mo ng transportasyon na pang-emergency, tumawag kaagad sa 911. Hindi mo kailangang hingin sa iyong doktor.

Transportasyong Medikal na Hindi Pang-Emergency (NEMT)

Sinasaklaw namin ang mga serbisyong transportasyong medikal. Ito ay kapag mayroon kang pisikal o medikal na kondisyon na hindi mo kayang makapunta sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi. Kailangan mong humingi ng mga serbisyong NEMT mula sa iyong doktor. Malalaman ng iyong doktor kung anong uri ng transportasyon ang iyong kailangan para sa iyong medikal na kondisyon. Kung kailangan mo ng tulong sa paglabas ng inyong bahay, pagsakay sa isang sasakyan at pagpunta sa opisina ng doktor, maaari kang makakuha ng mga serbisyong NEMT. Ang mga uri ng mga serbisyong NEMT ay:

- Ambulansya
- Wheelchair Van
- Gurney Van
- Sasakyang panghimpapawid

Upang humingi ng mga serbisyong NEMT na inireseta ng iyong doktor, mangyaring tumawag sa Koordinasyon ng Pangangalaga nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang iyong appointment. Tumawag sa (800) 809-1350, Lunes – Biyernes, 8 a.m.-5 p.m. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon.

Transportasyong Hindi Medikal (NMT)

Pinapayagan ka ng PHC na gumamit ng isang kotse, taxi, bus o pag-reimburse ng milyahe ng gasolina upang makapunta sa mga medikal na appointment. Maaari kang makakuha ng:

- Pag-reimburse ng milyahe sa gasolina kapag isinama ka ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan sa mga appointment. Hindi direktang mababayaran ang mga miyembro.
- Mga pases sa bus / mga tiket sa para-transit
- Mga voucher sa taxi
- Mga tiket sa tren

Babayaran namin ang pinakamababang halaga ng serbisyong NMT na tumutugon sa iyong mga pangangailangang medikal. Halimbawa, kung mayroong ruta ng bus na malapit sa iyo at sa iyong medikal na appointment, maaari kang kumuha ng pases sa bus hindi ng taxi.

Upang kumuha ng mga serbisyong NMT, mangyaring tumawag sa MTM sa (888) 828-1254, Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Tumawag sa MTM nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang iyong appointment. Kung agaran ang iyong appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon.

Karagdagang Transportasyon-Mga Kaugnay na Benepisyo para sa mga Miyembro na Wala Pang 21

Maaaring saklawin ng PHC ang:

- Mga pagkain
- Mga toll
- Matitirhan
- Paradahan

Dapat mong hingin sa MTM ang mga serbisyong ito bago ang appointment. **Upang makuha itong mga karagdagang benepisyo, mangyaring tumawag sa MTM sa (888) 828-1254, Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.** Tumawag sa MTM nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang iyong appointment. Kung agaran ang iyong appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon.

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155. TTY (800) 735-2929. Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.

Makukuha ninyo ang impormasyong ito nang libre sa iba pang mga auxiliary format, tulad ng braille, malalaking letra sa 18 point font at audio. Tawagan kami sa (800) 863-4155. TTY: (800) 735-2929 o 711. Sumusunod ang PHC sa mga naaangkop na pederal na batas sa karapatang sibil at hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian.

Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al (800) 863-4155. TTY: (800) 735-2929 or 711.

Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните (800) 863-4155. TTY: (800) 735-2929 or 711.

Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa (800) 863-4155. TTY: (800) 735-2929 or 711.

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服 務。請致電 (800) 863-4155. TTY: (800) 735-2929 or 711.